## Mga Pang-emerhensiyang Utos na Nagpoprotekta (EPO)

## Utos na Pagpigil Ukol sa Abuso ng Matanda o Nakadepende

**Buksan ang polyetong ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga sibil na utos na pagpigil**

## Mga Utos na Pagpigil Ukol sa Karahasan sa Tahanan

## Mga Sibil na Utos na Pagpigil Ukol sa Panliligalig

### Ano ang utos na pagpigil (restraining order)?

Ang utos na pagpigil ay isang utos ng hukuman na nagpoprotekta sa iyon laban sa abuso sa katawan, damdamin, o pananalapi. Ito ay puwede ring magprotekta sa iyo laban sa pagbuntot na pasubok o panliligalig.

### Magkano ang nagagasta rito?

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga utos na pagpigil ay libre. Tingnan ang nasa loob para sa karagdagang impormasyon.

### Anong uri ng mga utos ang puwede kong kunin?

May dalawang uri ng mga sibil na utos na pagpigil (civil restraining order). Upang makita kung alin ang tama sa iyo, tingnan ang nasa loob.

### Paano kung kailangan ko ng *pangkrimeng* utos na pagpigil (*criminal* restraining order) ?

Ang Abugado ng Distrito ay puwedeng humingi ng pangkrimeng utos na pagpigil sa isang kasong krimen. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Abugado ng Distrito sa:

**415-553-1752**

### Saan ako makakakuha ng mga porma para sa hukuman o impormasyon tungkol sa hukuman?

Pumunta sa:
www.courtinfo.ca.gov/selfhelp/protection

Restraining Order Guide 6/04 – Tagalog

# Walang Sinumang nararapat abusuhin

## Isang patnubay sa mga sibil na utos na pagpigil

ACCESS

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

**415.551.5880**
www.sfgov.org/courts

# Mga Sibil na Utos na Pagpigi

| | Mga Pang-emerhensiyang Utos na Nagpoprotekta (EPO) | Utos na Pagpigil Ukol sa Abuso ng Matanda o Nakadepende | Mga Utos na Pagpigil Ukol sa Karahasan sa Tahanan | Mga Sibil na Utos na Pagpigil Ukol sa Panliligalig |
|---|---|---|---|---|
| **Makakakuha ka ng ganitong uri ng utos kung:** | Ikaw ay nasa panganib. | Ikaw ay 65 o mas matanda, o ikaw ay nasa pagitan ng 18 at 64 at may mga partikular na kapansanan, at, ikaw ay biktima ng:<br>• Abuso ng katawan o tungkol sa pananalapi<br>• Pagpapabaya, pag-iwan o paghiwalay, o<br>• Pagtrato na nakakapinsala sa iyong katawan o isipan. | Gusto mong protektahan ka at ang iyong pamilya laban sa isang taong:<br>• Kinakatagpo mo (o dating kinakatagpo),<br>• Asawa mo (dating asawa), o<br>• Malapit na kamag-anak mo (tulad ng magulang, anak, kapatid, lolo o lola, o apo)<br>• May anak ka | Nag-aalala ka tungkol sa iyong kaligtasan dahil ikaw ay:<br>• binubuntutan nang pasubok,<br>• nililigalig,<br>• sekswal na inaatake, o<br>• pinagbabantaan<br>ng isang taong wala kang malapit na kaugnayan, tulad ng isang kapitbahay o kasama sa kuwarto.<br>Ang ganitong uri ng utos ay ***hindi*** para sa mga taong kinakatagpo o may malapit na kaugnayan. |
| **Ito ay makakapag-utos sa isang tao na:** | Huwag lalapit sa iyo, sa iyong bahay, at sa iyong trabaho. | • Hindi ka kokontakin sa anumang paraan<br>• Huwag lalapit sa iyo at sa iyong bahay<br>• Umalis sa iyong bahay | • Hindi ka kokontakin sa anumang paraan<br>• Huwag lalapit sa iyo at sa iyong bahay<br>• Umalis sa iyong bahay<br>Ang hukuman ay puwedeng mag-utos sa alinman sa mga magulang na magbayad ng suporta sa anak o sundin ang mga utos ukol sa pag-iingat at pagdalaw kung may mga anak sa taong ito. | • Hindi ka kokontakin sa anumang paraan<br>• Huwag lalapit sa iyo, sa iyong bahay (maliban kung magkasama kayo sa kuwarto), at sa iyong trabaho |
| **Ito ay tumatagal ng:** | Hanggang 7 araw. | Hanggang 3 taon. | Hanggang 3 taon. | Hanggang 3 taon. |
| **Ito ay nagkakahalaga ng:** | Ito'y libre. | Ito'y libre. | Ito'y libre. | Ito ay depende sa uri ng panliligalig at/o iyong kita. |
| **Makakakuha ka ng tulong mula sa:** | Kahit sinong pulis ay puwedeng tumulong sa iyo sa utos na pang-emerhensiya.<br><br>Kung gusto mo ng proteksiyon para sa higit sa 7 araw, dapat kang humingi sa hukuman ng ibang uri ng utos na pagpigil. | Legal Assistance to the Elderly<br>**415-861-4444**<br><br>Adult Protective Services<br>**415-557-5230**<br>**1-800-814-0009** *(walang-bayad)*<br><br>California Senior Legal Hotline<br>**1-800-222-1753** | Cooperative Restraining Order Clinic<br>**415-252-2844** *(Tumawag para sa appointment)*<br><br>Family Law Facilitator, Civic Center Courthouse, Silid 009<br>**415-551-3991** *(nakarekord na impormasyon)*<br>Ang Family Law Facilitator ay maaari ring makatulong sa iyo tungkol sa utos ukol sa pag-iingat, pagdalaw, at suporta sa anak.<br><br>National Domestic Violence Hotline<br>Walang-bayad: **1-800-799-7233**<br>TDD: **1-800-787-3224**<br>24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo<br><br>Community United Against Violence (CUAV)<br>**415-333-HELP**<br>Ang CUAV ay tumutulong sa mga gay, lesbian at transgender. | Civic Center Courthouse<br>ACCESS, Silid 208<br>**415-551-5880** *(nakarekord na impormasyon)*<br><br>Bar Association of San Francisco<br>Serbisyong Pagrekomenda ng Abugado<br>**415-989-1616**<br><br>Community United Against Violence (CUAV)<br>**415-333-HELP**<br>Ang CUAV ay tumutulong sa mga gay, lesbian at transgender.<br><br>Community Boards<br>**415-920-3820**<br>Para sa tulong ukol sa pamamagitan para sa mga kasong hindi tungkol sa mga seryosong karahasan o mga pagbabanta. |